Republic of the Philippines
Department of Education
Region X – Northern Mindanao
**DIVISION OF LANAO DEL NORTE**
Gov. A. QuibranzaProv'l. Gov't. Compound
Pigcarangan, Tubod, Lanaodel Norte

DEPED-LANAODEL NORTE
RECORDS SECTION-CONTROL NO.
RELEASED
10-01-18 1:42
DATE TIME BY

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 399 s.2018

PARA SA MGA : Tagamasid Pansangay/Pampurok
Mga Punong guro
Tagapag-ugnay sa Filipino / Guro sa Filipino

Buhat kay : **ROY ANGELO E.GAZO**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay ng Lanao del Norte

Paksa : **2018 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO (Festival of Talent) SA FILIPINO**

Petsa : Ika – 1 ng Oktubre 2018

1. Bilang paghahanda sa Panrehiyong Tagisan ng Talento (Festival of Talent), ang Dibisyon ng Lanao del Norte ay magsasagawa ng Pansangay na Tagisan ng Talento (Festival of Talent) sa Antas Sekundarya sa ika-18 ng Oktobre ,2018 sa ika-8:00 n.u. at Antas Elementarya sa ika-19 ng Oktuber 2018 ika-8:00 n.u. sa Bulwagan ng Paaralang Tubod Sentral,Tubod Lanao del Norte.

2. Layunin nito na mataya o masukat ang mga natatanging kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagaitan ng makabuluhang paligsahan sa larangan ng wika at panitikan.

3. Kabilang sa mga kalahok sa paligsahan ay ang mga nagwagi sa unang pwesto sa bawat Distrito . Ang mga Tagamasid Pansangay at Pampurok ang magiging hurado sa paligsahan. Ang mga tagapag-ugnay sa Filipino(Filipino Lead Principal) ay inaasahang dadalo sa araw ng paligsahan para sa mga gawain.

4. Hinihikayat ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan.

5. Tanging ang magwawagi ng unang pwesto ang siyang kakatawan sa Sangay ng Lanao del Norte para sa 2018 Panrehiyong Tagisan ng Talento(Festival of Talent) sa Filipino.

Scanned by CamScanner

6. Ang mga Kategorya ay **Dagliang Talumpati** mula sa baitang 11 o 12, **Interpretatibong Pagbasa** mula sa baitang 7,8,9 at 10, **Madulang Pagkukuwento** mula sa baitang 4,5,6 , **Sulat at Bigkas ng Tula (SULKAS TULA)** mula sa baitang 6 at **ISPELING: IISPEL MO**! Mula sa Baitang 6 . Kalakip sa memorandum na ito ay ang MGA PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN sa bawat kategorya.

7. Ang guguling pera ng mga kalahok sa pagpunta sa lugar ng pagdarausan ng patimpalak at pagbabalik sa kanilang mga himpilan at ang pagkain sa araw ng patimpalak ay kukunin sa pondong local /MOOE ng paaralan at ang mga materyales gaya sertipiko, pagkain ng mga hurado at mga panauhin, renta sa bulwagan at sound system ay kukunin sa pondong pansangay na sasailalim sa masusing polisya ng pag-aawdit at akawnting.

8. Ang punong abalang paaralan ay inaasahang magkaroon ng pambukas at pampinid na palatuntanan gayundin ang pag organisa sa pagdarausan ng patimpalak.

9. Daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito para sa mga kinauukulan ay lubos na inaasahan.

Scanned by CamScanner

*Kalakip sa Pansangay na Memorandum* *Blg.399 s.2018*

Mga kategorya, bilang ng kalahok at bilang ng tagapagsanay sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod.

| Kategorya | Bilang ng kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| 1.Dagliang Talumpati | 1 | 1 | 2 |
| 2.Interpretatibong Pagbasa | 4 | 1 | 5 |
| 3.Sulat at Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) | 1 | 1 | 2 |
| 4.Madulang Pagkukuwento | 4 | 2 | 6 |
| 5. ISPELING:IISPEL MO! | 1 | 1 | 2 |

Paglilinaw:

1. Sa madulang pagkukuwento, isang (1) gurong tagapagsanay para sa SPED at isang (1) gurong tagapagsanay para sa Grade 4-6.

2. Sa ISPELING:IISPIL MO!, isang (1) mag-aaral mula sa baitang 6 at kinakailangan magdala ng maliit na chalk board .

   Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng saling babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa ,ibibigay ang hudyat upang simulant ang pagsulat ng mga kalahok.

   Ang puntos t bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

   MADALI - 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos
   KATAMTAMAN - 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos
   MAHIRAP - 10 aytem x 5 puntos = 50puntos

   100 puntos

   Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.

   Ang pagkamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Pansangay Kampeon ng Iispel Mo! At kakatawan sa panrehiyong patimpalak .

Scanned by CamScanner

| | | |
|---|---|---|
| ang ng Mag- ral | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED **(Visually Impaired)** na may **edad labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. | |
| **Kategorya** | MADULANG PAGKUKUWENTO | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
c) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;
d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
g) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
h) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Kuwentong gagamitin (isang (1) **hard copy** at isang (1) naka-**transcribe** sa **braile**);
b) Orasan, numero ng mga kalahok;
c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

Scanned by CamScanner

| | | |
|---|---|---|
| ...gsanan ...tang ng Mag-aral | Baitang 6 | |
| Kategorya | SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Oras na Inilaan | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks (10%) *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **50%** |
| | **Hikayat** | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (10%) | |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

Scanned by CamScanner

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11 o 12 | |
| **Kategorya** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;
b) Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;
d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 | segundo | - .5 puntos |
| 31-60 | segundo | - 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | - 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at
f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula;
b) Paksang gagamitin;
c) Orasan, numero ng kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

Scanned by CamScanner